

Brochure photos courtesy of Advanced Bionics, Centers for Disease Control and Prevention, Cochlear Americas, HartloveDesign, NCHAM, Oticon A/S, and Phonak.

*Ang materyales na ito ay ginawa at ipinamamahagi ng NCHAM may pondo mula sa LTHF*

NCHAM

LET THEM HEAR FOUNDATION

*Copyright © 2008 Let Them Hear Foundation*

Tagalog



# Makipagkomunika sa iyong anak

# Pagmamahal sa Iyong Anak at Pag-alam Paano Tumulong

Maligayang Bati! Bilang magulang ng isang pinakamamahal na sanggol o batang anak, ikaw ay susuong sa isang kamangha-manghang paglalakbay. Ang katotohanan na ang iyong anak ay may kakulangan sa pandinig ay bahagi lamang ng paglalakbay na ito.



Maraming iba't-ibang damdamin ang mga magulang kapag nalaman nila na ang kanilang anak ay may kakulangan sa pandinig. Maraming tanong sa kung ano ang dapat asahan—at ano ang dapat gawain susunod. Tandaan na ang pagiging magulang ay isang paglalakbay na kinakailangan ng isang hakbang sa bawat pagkakataon. Alam mo na kung paano mahalin, yakapin, at paginhawahin ang iyong sanggol. Ang bago sa iyo ay ang pagtuto tungkol sa kakulangan sa pandinig.

Maraming mga tao at organisasyon na handang tumulong:

- Ang iyong doctor
- Mga espesyalista sa pandinig
- Mga paaralan at iba pang mga programa
- Mga grupo ng mga magulang



*Para sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang www.communicatewithyourchild.org*

*At tignan ang seksyon na Karagdagang Alamin sa dulo ng buklet na ito.*


## Mga Cochlear Implant

Ang mga batang hindi makakabenepisyo sa mga tulong pandinig ay maaaring matulungan ng cochlear implant. Ang cochlear implant ay ibang iba sa tulong pandinig. Sa pamamagitan ng operasyon, isang kasangkapan ang ilalagay o "iiimplant" sa loob ng tenga (cochlea) at sa ilalim ng buto sa likod ng tenga.

Isang mikropono at tagaproseso ng tunog ang isinusuot sa labas (kadalasan sa likuran ng tenga). Sumasagap ang mga ito ng tunog at ipinapadala ang mga ito sa transmiter na nakalagay sa magneto. Napupulot ng tagatanggap/receiver na nasa loob ng ulo ang mga senyales at ipinapadala ang mga ito sa mga nerve na nakakonekta sa utak. Pinapayagan nito ang mga tunog na lagpasan ang mga sirang bahagi ng tenga.

Ito pa ang ibang mga bagay na dapat mong malaman tungkol sa cochlear implants:

- Ang cochlear implant ay karaniwang hindi ginagawa sa mga sanggol na mas bata sa 8 buwan.
- Ang cochlear impant ay nakahusto sa kakulangan sa pandinig ng isang bata. Ang regular na pagbisita sa audiologist ay kinakailangan upang mahusto ang implant kasabay ng paglaki ng bata.
- Ang parte ng implant na isinusuot sa labas ng ulo ay kailangang suotin araw—araw. Kinakailangan ng mga batang natututo ng wikang salita ang pang araw-araw na pagsasagap ng tunog.
- Ang implant ay kailangang tiyaking gumagana araw-araw.
- Hindi isang "mabilisang ayos" ang cochlear implant. Kakailanganin pa rin ng bata ang maraming tulong sa pagunlad ng pananalita, wika, at mga kakayanang pangkomunikasyon.






# Mga Opsyon sa Teknolohiya sa Pandinig



Isa pang bahagi ng paglalakbay kasama ang iyong anak ay ang pagtuto tungkos sa mga teknolohiya sa pandinig. Nanaisin mong malaman paano sila gumagana para makapagdesisyon ka kung gagamitin ito ng iyong anak.

Kahalintulad ng pagkakaiba iba nga bata ang pagkakaiba ng kakulangan sa pandinig ng bawat bata. Halimbawa, maaaring marinig ng isang sanggol ang busina ng sasakyan o tahol ng aso, pero hindi ang mga mahina na boses o ang mga mahinay na tunog ng pananalita. Ang ibang sanggol naman ay maaaring magkaproblema sa pagdinig ng lahat ng tunog, kahit na ang mga malalakas na tunog. Ito ang dahilan kung bakit kinakailangang suriin ng isang espesyalista sa pandinig (audiologist) ang iyong bata para malaman kung ano ang kanyan naririnig. Kailangang magawa ang pagsusuri sa madaling panahon. Ang audiologist ay maaaring makipag-usap sa iyo tungkol sa kung ang isang tulong pandinig o ibang teknolohiya ay makakatulong sa inyong anak.

## Mga Tulong Pandinig

Maaaring makatulong ang mga tulong pandinig sa ibang mga bata na palakasin o gawaing klaro ang mga tunog. Ang tulong pandinig ay "husto" upang tumugma sa kakulangan sa pandinig ng isang bata. Ang tulong ay karaniwang isinusuot sa likod ng tenga. Tinitipon nito ang mga tunog at ipinapadala ang mga ito sa tenga sa pamamagitan ng maliit na "earpiece." Maraming magulang ang nagugulat na malaman na pati ang isang buwan na bata ay maaaring magsuot ng tuong pandinig!



Narito ang ilan pang mga bagay na dapat mong malaman tungkol sa mga tulong pandinig:

- Ang unang paghuhusto ng tulong pandinig ay kinakailangang mangyari kaagad. Sa paglipas ng panahon, dapat hustuhin ng audiologist ang tulong pandinig kasabay ng paglaki ng bata.
- Ang mga tulong pandinig ay kailangang suotin araw-araw. Kinakailangan ng mga batang natututo ng wikang salita ang pang araw-araw na pagsagap ng tunog.
- Kinakailangang tiyaking gumagana ang tulong pandinig araw-araw. Gumagana ito gamit ang mga maliliit na baterya na kinakailangang palitan ng madalas.
- Hindi isang "mabilisang ayos" ang tulong pandinig. Kakailanganin pa rin ng bata ang maraming tulong sa pagunlad ng pananalita, wika, at mga kakayanang pangkomunikasyon.

# Mga Bintana ng Oportunidad



Isa sa pinaka-nakamamanghang bagay na matututunan ng iyong anak sa kanyang buhay ay ang wika. Ang mga batang bingi o mahina ang pandinig ay nakakapag-usap sa maraming paraan, pero kaparis din ng mga batang nakakarinig, pinakamahusay na magsimula habang sila ay batang-bata pa.

Ang utak ng sanggol ay sumusulong ng napakabilis maaga sa buhay. Itong panahon na ito ang kadalasang tinatawag na "bintana ng oportunindad" para sa pagtuto ng wika. Kadalasan, ginagamit ng sanggol ang kanilang, tenga, mga mata, at iba pang pandama para malaman ang tungkol sa mundo. Sa panonood at pakikinig sa iba, nalalaman nila na ang mga aksyon at mga tunog ay may mga kahulugan. Natututunan din nilang ipahayag kung ano ang kanilang nararamdaman at gusto sa pamamagitan ng mga galaw at tunog.

Sa mga edad na 12 buwan, nakakaintindi na ang karamihan sa mga sanggol sa kung ano ang kanilang naririnig at nagsisimula na rin silang magsabi ng kaunting salita.

**Ang mga sanggol na may kakulangan sa pandinig ay nangangailangan ng kaagarang espesyal na tulong upang matuto silang makipag-usap.**

Ang mga bata na natulungan bago pa man sila mag anim na buwan ay kadalasang natututunan ang wika kasabay ng mga batang nakakarinig. Maari silang maging mahusay sa paaralan, at maging kung anong gusto nilang maging paglaki. Ang kanilang tagumpay ay nakasalalay sa pagkuha ng napapanahong pag-aalaga mula sa mga miyembro ng pamilya at mga propesyunal.

Bilang isang magulang, hindi mo gusto na may makaligtaan na ano mang bagay ang iyong anak! Ngayon na ang iyong "bintana ng oportunidad" para magsimula. Alamin ang tungkol sa komunikasyon at kung paano makakuha ng pinakamabuting tulong para sa iyong sanggol.

# Pagsisimula

Ikaw ang pinakamahalang guro ng iyong anak. May mga epesyalista sa iyong komunidad na handang tumulong para matutunan mo ang tungkol sa pandinig, wika, at ang pag-unlad ng bata.



Ang kahulugan ng  maagang pamamagitan ay ang pagkuha ng tulong para sa iyong sanggol sa madaling panahon. Maraming serbisyong mura or walang bayad ang  ang maaring  makukuha. Maaring makabilang ang mga sumusunod sa iyong pangkat ng maagang pamamagitan:

- Isang taong magpapaliwanag kung paano gumagana ang programa at paano ito makakatulong isa iyo at sa iyong anak.
- Isang guro.
- Isang espesyalista sa pandinig (audiologist).
- Isang terapista sa pagsasalita at wika.
- Isang doktor, nars o iba pang tagapagbigay ng pangkalusugang pag-aalaga.

Tutulungan ka ng pangkat na makipagusap sa iyong anak at tutulungan din ang iyong anak na matuto. Magtatrabaho ang mga miyembro ng pangkat kasama ka para sagutin ang mga tanong, desisyunan kung ano ang susunod na gagawain, hanapin ang tulong na iyong kinakailangan, at galugarin ang mga opsyong pangkomunikasyon.

**Alamin kung sino ang maaaring makatulong sa iyo sa kakulangan sa pandinig ng iyong anak sa:**
**www.communicatewithyourchild.org**

## Mabilisang Impormasyon

- Sa bawat taon, 12,000 na mga bata ang naisisilang na may kakulangan sa pandinig sa Estados Unidos.
- Halos lahat ng mga batang ito ay isinisilang sa mga magulang na may normal na pandinig.
- Lahat ng mga bagong silang ay sinusuri ng karamihan  sa mga ospital para sa kakulangan sa pandinig.
- May iba't-ibang uri at antas ng kakulangan sa pandinig. Ang mga sanggol sa bawat uri ng kakulangan sa pandinig ay maaaring matulungan.
- May ilang mga sanggol ang naisilang na may normal na pandinig, ngunit nawalan ng pandinig sa kalaunan ng panahon.
- Maraming mga serbisyo at programa ang maaring makatulong sa lahat ng mga batang may kakulangan sa pandinig. Para sa mga batang edad 3 o pababa, andyan ang maagang pamamagitan. Pagkatapos nyan, mayroong mga serbisyo para sa espesyal na edukasyon.

# Opsyong Pangkomunikasyon

Sa puso ng pagbuo ng mga relasyon ay ang komunikasyon. Kakailanganin ng iyong anak ang karagdagang tulong galing sa iyo sa pag-aaral ng wika at mga kasanayang pangkomunikasyon.

Bilang bahagi ng paglalakbay, matututunan mo ang iba't ibang paraan kung paano maaaring matuto ng wika ang iyong anak. Maaaring magkaroon ng malakas na opinyon ng mga taong makakasalamuha mo sa kung aling paraan ang "pinakamahusay." Kinakailangan mong magdesisyon ng sarili kung alin ang tama para sa iyong anak at pamilya. Maaari mong basahin ang tungkol sa iba't-ibang opsyon. Maaari kang makipagusap sa mga propesyunal at sa ibang mga magulang. Maaari kang bumisita sa mga programa para sa maagang pamamagitan  at panoorin kung paano nagkokomunika ang ibang mga bata, guro, at magulang.

**Ang Wikang Hudyatan ng Estados Unidos (ASL)**
ay isang biswal na wika. Isa itong natatanging wikang hudyatan na iba sa Ingles at Tagalog. Ang mga batang natututo ng ASL bilang unang wika ay kalaunang tuturuan ng Ingles habang sila at natututong magbasa at magsulat. Ito ay kung minsang tinatawag na diskarteng Bilingual.

**Ang Kabuoang Komunikasyon**
ay  kinukumbina ang wikang hudyatan sa wikang salita. Hinihikayat ang mga bata na gamitin ang kanilang mga mata, mga tenga, mga tinig, at kamay para magkomunika.

**Ang  Cued na Pananalita**
ay tumutulong para sa mga bata na makarinig at "makakita" ng pananalita. Ang mga guro at magulang ay gumagawa ng mg espesyal na hugis kamay, o mga "senyales," na malapit sa kanilang mga mukha habang sila ay nagsasalita. Nakakatulong ito sa mga bata na malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng nga salita na maaaring magkakatunog  o magkamukha.

**Ang Wikang Pandinig at Pananalita**
na mga diskarte ay nagtuturo sa mga batang umasa sa kanilang natirang pandinig habang sila ay natututong magsalita. Ang mga paraan ay maaaring tawaging "oditoryong oral" o "oditoryong berbal."

**Biswal na Wika** ⟷ **Wikang Salita**

